**LESSON 14: ANG PAGBABALIK NI HESUS**

**PAGSAMBA AT PANALANGIN:**

Umawit ng 1-2 papuring awit at ipanalangin ang kapayapaan sa bansa, ang paglaganap ng ebanghelyo, paglukob ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at katagumpayan ng discipleship meeting.

**PANIMULA:**

**Mga Tanong:**

1. Ano ang pinaka nakakatawang pangyayari sa buhay mo?

2. Kamusta ang paggawa mo ng kabutihan sa 3 tao? Ano ang pinakamagandang naranasan mo patung-kol dito?

3. Handa ka na ba sa pagbabalik ni Hesus?

**TALAKAYAN:**

Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na talata.

**1. Mateo 24:36-39**

Ngunit walang nakakaalam ng araw at oras ng pagsapit niyon, kahit ang mga anghel sa langit o maging ang Anak man. Ang Ama lamang ang nakakaalam nito. Ang pagdating ng Anak ng Tao ay tulad sa pagdating ng baha noong panahon ni Noe. Nang mga araw na iyon, bago bumaha, ang mga tao'y nagsisikain, nag-iinuman, at nagsisi-pag-asawa hanggang sa pumasok si Noe sa barko. Hindi nila namamalayan ang nangyayari hang-gang sa dumating ang baha at tinangay silang lahat. Gayundin ang mangyayari sa pagdating ng Anak ng Tao.

**2. Mateo 24:11-14**

"Marami ang magpapanggap na propeta at ililigaw ang mga tao. Ang kasamaa'y lalaganap, kaya't manlalamig ang pag-ibig ng marami. Ngunit ang mananatiling tapat hanggang wakas ang siyang maliligtas. "Ipapangaral sa buong sanlibutan ang Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos upang ang lahat ng bansa ay makarinig nito. At kung maganap na ito, darating na ang katapusan."

**3. Marcos 13:5-8**

Sinabi sa kanila ni Jesus, "Mag-ingat kayo upang hindi kayo malinlang ninuman. "Maraming lilitaw at magpapanggap na sila ang Cristo, at ililigaw nila ang marami. "Huwag kayong mababagabag kung makabalita kayo ng mga digmaang malapit sa inyo at mga digmaan sa malayong lugar. Dapat mangyari ang mga ito, ngunit hindi pa ito ang wakas. Sapagkat makikipagdigma ang mga bansa laban sa kapwa

bansa at ang mga kaharian laban sa kapwa kaharian. Lilindol sa iba't ibang dako, at magkaka-roon ng mga taggutom. Ang mga ito'y pasimula pa lamang ng paghihirap na tulad ng nararanasan ng isang nanganganak.

**4. 2 Pedro 3:3-4,8-9**

Una sa lahat, dapat ninyong malaman na sa mga huling araw ay pagtatawanan kayo ng mga taong namumuhay ayon sa nasa ng laman. 'Sasabi-hin nila, "Si Cristo'y nangakong darating, hindi ba? Nasaan na siya? Namatay na ang ating mga ninuno ngunit wala pa ring pagbabago buhat nang likhain ang mundong ito." "Mga minamahal, huwag nin-yong kalilimutan na sa Panginoon, ang isang araw ay tulad ng sanlibong taon, at ang sanlibong taon ay tulad ng isang araw lamang. Ang Panginoon ay hindi nagpapabaya sa kanyang pangako gaya ng inaakala ng ilan. Hindi pa niya tinutupad ang panga-kong iyon alang-alang sa inyo. Binibigyan pa niya ng pagkakataon ang lahat upang makapagsisi at tuma-likod sa kasalanan sapagkat hindi niya nais na may mapahamak.

**5. 2 Pedro 3:10**

Ngunit ang araw ng Panginoon ay darating tulad ng isang magnanakaw. Sa araw na iyon, ang kalangitan ay biglang mawawala kasabay ng isang malakas na ugong. Matutupok ang araw, buwan at mga bituin. Ang mundo at ang lahat ng mga bagay na naririto ay mawawala.

**6. 2 Pedro 3:11-13**

At dahil ganito ang magiging wakas ng lahat ng bagay, mamuhay kayo nang may kabanalan at sikapin ninyong maging maka-Diyos habang hini-hintay ninyo ang Araw ng Diyos. Magsikap kayong mabuti upang madaling dumating ang araw na ang kalangitan ay matutupok at ang mga bagay na naro-roon ay matutunaw sa matinding init. Naghihintay tayo ng bagong langit at ng bagong lupa na pagha-harian ng katuwiran, sapagkat ganoon ang kanyang pangako.

**7. 2 Pedro 3:14-15**

Kaya nga, mga minamahal, habang naghihin-tay kayo, sikapin ninyong mamuhay nang mapa-yapa, walang dungis at walang kapintasan. Isipin ninyong kaya nagtitimpi ang Panginoon ay upang bigyan kayo ng pagkakataong maligtas...

**8. Pahayag 16:15**

"Makinig kayo! Ako'y darating na parang mag-nanakaw! Mapalad ang nanatiling gising at nakabihis na. Hindi siya lalakad na hubad at di mapapahiya sa harap ng mga tao!"

**IV. MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN:**

1. Ang pagbabalik ni Hesus ay parang isang mag-nanakaw na walang nakakaalam kung kailan maga-ganap.

2. Ang pagbabalik ni Hesus ay malapit ng maga-nap kung kaya dapat tayong maging handa bilang kanyang mananampalataya at bilang mga anak ng Diyos.

3. Maraming tanda ang ibinigay sa atin ni Hesus upang hindi tayo magulat sa kanyang muling pagbabalik. Ang ilan sa mga tanda na ito ay ang mga sumusunod:

a. Paglitaw ng mga bulaan o mapagkunwaring propeta o maling tagapagturo ng Biblia

b. Mga nakagigimbal na kalamidad at paglindol sa iba't ibang dako ng mundo

c. Ang pagpula ng buwan at mga eclipse

d. Ang mga bulungbulungan patungkol sa digmaan at mga aktuwal na digmaan ng mga bansa

e. Ang panlalamig o backsliding ng maraming mananampalataya sa pag-ibig kay Kristo

f. Ang paglaganap ng ebanghelyo ni Kristo sa buong mundo

g. Ang paglaganap ng matinding kasamaan sa buong mundo

h. Ang paglapastangan o pamumusong sa kalikasan at kabutihan ng tunay na Diyos

4. Bilang mga anak ng Diyos ay dapat tayong magsu-mikap na mabuhay ng banal bilang paghahanda sa pagbabalik ni Hesus

5. Magsumikap tayo na ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng mga kamag-anak, mga kapitbahay, at mga kaibigan.

**TAKDANG ARALIN:**

a. Isulat ang 5-10 pangalan ng mga taong mahalaga sa iyo nan ais mong bahaginan ng discipleship lessons. Siguraduhin na mayroon ng 3 o higit pa na sisimulan mong turuan ng mga lessons sa darating na lingo. Huwag kang papayag sa sarili mo na wala kang masisimulan na maturuan.
   1.
   2.
   3.
   4.
   5.
b. Ipanalangin araw-araw ang mga pangalan na isinulat mo.
c. Magbahagi ng mensahe ng kaligtasan sa 3 tao at magpamigay ng 20-30 Gospel tracts. (siguraduhing nakalagay ang iyong pangalan o ng simbahan at contact number sa likod ng gospel tract)

d. Pag-aralan ang susunod na lesson para sa susunod na pagkikita.

**MEMORY VERSE:** Pahayag 16:15, 2 Pedro 3:9

**CATCH THE VISION:**

Bakit kailangan nating ipahayag ang Salita ng Diyos sa iba? (Basahin ang 2 Pedro 3:10)

**MANALANGIN PARA SA BAWAT ISANG KASAMA SA GRUPO**

1. Para sa pananampalataya na magpatuloy at hindi tumalikod.
2. Para sa kapayapaan ng isip.
3. Para sa paglagong espirituwal sa buhay Kristiyano.
4. Para sa lakas ng loob at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbahagi ng leksiyon na ito sa iba at magdisipulo ng ibang mananampalataya.
5. Para sa kagalingan ng mga sakit.
6. Para sa financial blessing.
7. Para sa pastor at sa kanyang pamilya.
8. Para sa iba pang pangangailangan.